DATA ALERT

December 2023

Higit isang milyon biktima ng human rights violations sa administrasyon ni Marcos Jr.

Sa ika-pitumpu't limang (75th) taong anibersaryo ng Universal Declaration on Human Rights (UDHR), nagpapatuloy ang matinding represyon at karahasan ng estado sa kababaihan at mamamayang Pilipino sa ilalim ng administrasyon ni Ferdinand Marcos Jr.

Sa tala ng KARAPATAN, isang organisasyong nagtataguyod ng karapatang pantao, umabot na sa higit isang (1) milyon ang kabuuang bilang ng biktima ng iba't ibang porma ng paglabag sa karapatang pantao mula nang maupo bilang pangulo si Marcos Jr. noong Hunyo 2022. (Table 1)

Table 1. Number of cases of human rights violations under Marcos Jr.'s administration (as of July 1, 2022 to November 30, 2023)

Violation	Number of victims
Threat/Harassment/Intimidation	1,609,496
Indiscriminate Firing	39,769
Forced Evacuation	24,670
Bombing	22,391
Fake or Forced Surrender	552
Illegal or Arbitrary Arrest	316
Extrajudicial Killing	87
Enforced Disappearance	12
as of June 30, 2023	
Demolition	12,000
Violation of Domicile	519
Illegal Search and Seizure	512
Destruction of Property	414
Frustrated Extrajudicial Killing	28
Physical Assault and Injury	16
Torture	11
Divestment of Property	4
Total:	1,710,797

Source: Karapatan

Sa likod ng malaking bilang na ito ang sistematiko at institutionalized na kampanya ng pananakot at panggigipit ng gobyerno upang supilin ang mamamayang naggigiit ng kanilang karapatan. Pangunahin dito ang Executive Order No. 70 na batayan ng pagbubuo ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict o NTF-ELCAC at ang *"whole-of-nation"* na approach sa pagsugpo ng terorismo sa bansa; Anti-Terrorism Act of 2020; Terrorism Financing Prevention and Suppression Act of 2012; Presidential Proclamation 374 na nagtalaga sa Communist Party of the Philippines (CPP) at National Democratic Front of the Philippines (NDFP) bilang mga teroristang organisasyon; at Memorandum Order No. 32 na nag-uutos ng pinatinding kontra-insurhensyang mga operasyon at deployment ng dagdag na pwersang militar sa Samar, Negros Oriental, Negros Occidental, at Bicol.

Karahasan ng estado laban sa kababaihan

Tumitindi ang atake ng estado laban sa kababaihan. Sa huling tala ng KARAPATAN, walong kababaihan ang biktima ng extrajudicial killings, 159 ang babaeng detenidong pulitikal, at may apat na kaso ng enforced disappearances. Ilan sa mga biktima ay ang mga sumusunod:

DATA ALERT

December 2023

Table 2. Highlighted cases of human rights violations against women under Marcos Jr.'s administration (as of November 2023)	
Illegal and Arbitrary Arrest	**Karla Mae Monge**, youth organizer ng Kabataan Partylist Southern Tagalog na kasalukuyang nasa kustodiya ng Batangas Provincial Police bunga ng gawa-gawang kasong kaugnay sa Anti-Terrorism Act of 2020. Dinakip ng mga elemento ng 59th Infantry Battalion noong Nobyembre 20, 2023 sa Tuy, Batangas si Monge habang nagsasaliksik tungkol sa land use conversion sa lugar.
	Susan Medes, miyembro Baclayan, Bito, Cabagal Farmers and Farmworkers Association (BABICAFA), isang lokal na organisasyon ng mga magsasaka sa Negros Occidental, inaresto sa gawa-gawang kasong konektado sa isang NPA ambush na naganap noong 2018. (Hunyo 25, 2023)
	Nenita Petallo, kasama sina William Petallo, Ruben Retubio, at Artemio Sanchez (tinaguriang "Pili 4"), inaresto ng PNP sa Camarines Sur sa kasong paglabag umano sa Cybercrime Prevention Act of 2012. (Hunyo 19, 2023)
	Rosita Taboy, 78, at kaniyang asawang si Antonio Legaspi, 74, inaresto sa gawa-gawang kaso ng frustrated murder, arson, illegal possession of firearms and explosives matapos magtanim ng ebidensya ang mga pulis at sundalo na umaresto sa mag-asawa. (Mayo 25, 2023)
	Imelda Handuman, 52, at kaniyang asawang si Dindo Monsanto, 54, inaresto sa kanilang tahanan sa Malabon City, sa mga gawa-gawang kaso ng illegal possession of firearms and explosives. Matapos salakayin ng mga nagpakilalang pulis at miyembro ng SWAT, tinaniman ang kwarto ng mag-asawa ng mga baril at bala na kalauna'y ginamit na ebidensya. Pinagbintangan si Monsanto na miyembro ng NPA. (Mayo 9, 2023)
	Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado, mga aktibistang nagtataguyod ng karapatang pantao ng mga katutubo, inaresto sa Oriental Mindoro ng mga elemento ng 40th Infantry Battalion ng Philippine Army. (Abril 26, 2023)
Enforced Disappearance	**Deah Lopez**, isang peasant organizer, huling nakitang isinakay sa isang puting pick-up truck noong Setyembre 15, 2023 sa Negros Occidental.
	Lyn Grace Martullinas at NDFP consultant Rogelio Posadas na huling nakita sa Negros Occidental noong Abril 19, 2023.
	Elgene "Leleng" Mungcal at **Ma. Elena "Cha" Pampoza**, mga labor and peasant organizers at human rights defenders na huling nakita noong Hulyo 3, 2022 sa Tarlac. Ayon sa mga ulat, bago ang insidente ay ni-redtag ang mga biktima, nakatanggap ng death threats, at sumailalim sa surveillance.
	Elizabeth "Loi" Magbanua, isang labor organizer at women's and LGBT rights advocate, at Alipio "Ador" Juat, isa ring labor organizer, huling nakita noong Mayo 3, 2022. Galing sa isang pulong sina Magbanua at Juat kasama ang iba pang labor organizers nang dukutin ng mga pwersa ng militar sa Valenzuela City.
Extrajudicial Killing	**Emelda Fausto**, 51, kaniyang asawang si Roly Fausto, at dalawang anak na sina Ben Fausto at Ravin Fausto; pinagbabaril ng militar sa kanilang tahanan sa Negros Occidental. Miyembro rin ang mag-asawa ng BABICAFA. Ilang buwan bago ang insidente, ni-redtag at paulit-ulit na hinarass ng mga sundalo ang mga nakatatandang Fausto. (Hunyo 14, 2023)
	Rosalia Caindoy at asawang Rudy Garay; dinukot habang nagpapagamot at pinatay ng mga sundalo ng AFP sa diumano'y 15 minutong engkwentro sa Misamis Oriental. (Marso 26, 2023)
Threat/Harassment/Intimidation	**Maggie Seva**, isang development worker sa Bicol at miyembro ng Farmer's Assistance for Resource Management, Education and Rehabilitation (FARMER Inc.). Ayon sa ulat ng NNARA-Youth noong Disyembre 6, matinding pananakot at sumailalim sa surveillance ng 9th Infantry Division ng AFP si Seva mula Agosto hanggang Oktubre ngayong taon.
Sources: Karapatan, NNARA-Youth, CWR monitoring	

Patuloy na panawagan para sa hustisya

Sa kabila ng matinding panunupil, nagpapatuloy ang paglaban ng kababaihan kasama ang mamamayan para sa mga karapatan sa lupa, sahod, trabaho, kabuhayan, panlipunang serbisyo, at karapatan sa pag-oorganisa at malayang pamamahayag.

Isang mainam na panahon ang paggunita ng International Human Rights Day ngayong Disyembre 10 upang patuloy na manawagang magkaisa ang lahat at manindigan para sa panlipunang hustisya. Mahalaga ang pagbubuo ng pagkakaisa ng sambayanan para sa paggigiit ng ating mga demokratikong karapatan at pagsusulong ng tunay na kalayaan at demokrasya sa bansa.